NEW MUSLIM
ACADEMY



# ANG SAMPUNG MGA ARAL
## MULA SA TALAMBUHAY NI
# HESUS

newmuslimph newmuslimph newmuslimph newmuslimacademy.ph

Ang kasaysayan ni Hesus (AS) ay binanggit ng maraming beses sa Banal na Qur'an. Ang kanyang kasaysayan ay isa sa mga himala at mga aral. Sa elektronikong- aklat na ito ay makikita natin ang sampung mga aral mula sa buhay ng dakilang Sugo ng Allah na ito.



# Aralin 1

Pinarangalan ng Allah ang taos-pusong layunin ng mga magulang. Sa kasaysayan ng mga lolo at lola ni Hesus (AS) sa ina, ay sinabi sa atin ng Allah ang tungkol sa kanilang dedikasyon sa Allah. Nang ang ina ng Birhen na si Maria ay nagdalang-tao sa kanya, siya ay gumawa ng pagpapasya na ang kanyang anak ay iaalay sa paglilingkod sa Allah. Ito ay mula sa taimtim na pagnanais at pagpapasya na pinaranglan ng Allah ang kanilang anak, si Maria, at pagkatapos ay ipinagpatuloy ng apo, na si Hesus (AS).

# Aralin 2

Ang Allah ay may kapangyarihan sa lahat ng mga bagay. Ang mahimalang pagkasilang ni Hesus (AS) ay nagpapakita sa atin ng kapangyarihan ng Allah. Si Hesus (AS) ay ipinanganak na walang ama. Ang kanyang birheng kapanganakan ay isang palatandaan ng kakayahan o kapangyarihan ng Allah na kontrolin ang lahat ng mga bagay at ang Kanyang kapangyarihan sa buong sansinukob. Sa dahilang ito na ang Allah ay karapat-dapat sa lahat ng pagsamba.

# Aralin 3


Ang mga pagsubok at mga pagdurusa ay kinakaharap ng lahat, kahit na ang mga Sugo ng Allah. Mula ng ipinanganak si Hesus (AS), ay kinailangan nilang mag-ina na tiisin ang mga paghihirap at mga pagsubok. Ang mga tao ay nagsimulang akusahan si Maria ng kahalayan at pagiging malaswa. Ang mga paghihirap ay bahagi ng buhay na ito, at sinusubukan tayo ng Allah upang makita kung paano tayo tutugon.

# Aralin 4

Tinutulungan ng Allah ang mga nananampalataya. Pinahintulutan ng Allah si Hesus (AS) na magsalita bilang isang sanggol upang ipagtanggol ang karangalan ng kanyang ina. 'Sa buong buhay ni Hesus (AS), ay tinulungan siya ng Allah sa pamamagitan ng iba't-ibang mga himala. Tinutulungan ng Allah ang mga taos-pusong sumasamba sa Kanya at hinihingi ang Kanyang tulong sa mga hamon at mga pagsubok na kanilang kinakaharap.

# Aralin 5

Ang pangunahing mensahe ng lahat ng Sugo ng Allah ay iisa at magkapareho. Si Hesus (AS), tulad ng lahat ng mga Sugo ng Allah, kabilang si Propeta Muhammad (SAWS), ay nanawagan sa pagsamba sa Nag-iisa at Tanging Tunay na Diyos (ang Allah), ng walang katambal. Ito ang mensahe ni Hesus (AS). Sa Araw ng Paghuhukom, kapag tinanong siya ng Allah kung bakit siya sinasamba ng mga tao bilang anak ng Diyos, ay sasabihin ni Hesus (AS) na wala siyang alam tungkol dito, dahil nanawagan lamang siya para sambahin ang Allah ng nag-iisa.



# Aralin 6

Ang birheng kapanganakan ni Hesus (AS) ay hindi palatandaan ng kanyang pagiging Diyos. Sinabi ng Allah sa Banal na Qur'an, "Ang halimbawa ni Hesus (AS) sa paningin ng Allah ay tulad ng halimbawa ni Adan (AS)." [3:59] Si Hesus (AS) ay nilikha na walang ama, at si Adan (AS) bilang unang tao, ay nilikha na walang ama o ina. Pinararangalan at iginagalang ng mga Muslim ang lahat ng mga Sugo ng Allah, nguni't hindi nagtalaga ng pagka-diyos sa sinuman sa kanila.

# Aralin 7

Si Hesus (AS) ay hindi ipinako sa krus. Malinaw na sinabi ng Allah na itinaas Niya (ng Allah) si Hesus (AS) sa paraiso bago sinubukan ng kanyang mga kalaban na ipako at patayin siya. Bilang mga Muslim, hindi natin tinatanggap na ang isang tao ay mamatay para sa mga kasalanan ng iba. Sa halip, naniniwala tayo na ang bawat tao ay may pananagutan sa kanyang sariling mga ginagawa at hahatulan para sa kanila, at sasagutin ang mga kahihitnan nito, maging mabuti man o masama.

# Aralin 8

Sinabi ng Allah na si Hesus (AS) ay muling babalik sa mundo sa katapusan ng panahon. Susundin niya ang mga batas na itinakda ni Propeta Muhammad (SAWS). Ang kanyang kapanahunan ay magiging isang kapayapaan at kasaganaan. Mananawagan siya sa pagsamba lamang sa Allah at itatag ang hustisya sa mundo.

# Aralin 9

Ang paniniwala kay Hesus (AS) bilang isang Sugo ng Allah ay isang prinsipyo ng pananampalataya ng Muslim. Bilang mga Muslim, dapat na naniniwala tayo sa lahat ng Sugo ng Allah, kabilang si Hesus (AS). Ang pagtanggi sa isa sa Sugo ng Allah ay ang pagtanggi sa kanilang lahat. Kaya tinatanggap natin ang lahat na sinabi ng Allah tungkol kay Hesus (AS), mula sa kanyang mga himala, hanggang sa kanyang pag-akyat sa paraiso at ang kanyang muling pagbabalik sa mundo.

# Aralin 10

Si Hesus (AS) ay isa sa mga pinaka-dakilang Sugo ng Allah. Ang lima ay isinaalang-alang na pinaka-dakilang mga Sugo na ipinadala ng Allah sa sangkatauhan. Ang mga ito ay sila Noah, Abraham, Moises, Hesus at Muhammad (sumakanila nawa ang kapayapaan at pagpapala ng Allah). Samakatuwid, si Hesus ay isa sa pinaka-mara.



newmuslimph

newmuslimph

newmuslimph

newmuslimacademy.ph